**EMBASSY OF THE REPUBLIC OF THE PHILIPPINES**
سفارة جمهورية الفلبين
**MANAMA**


**ADVISORY LETTER NO. AAV-01-2016**

22 Pebrero 2016

Sa lahat ng ating mga kababayan sa Bahrain,

Pinaaalalahanan ang lahat ng Pilipino sa Bahrain, lalo na ang ating mga kababaihan, na mag-ingat sa mga nakikipagkilala na mga ibang lahi lalo na sa social media tulad ng Facebook, Whats App, Viber, atbp., lalo na sa mga nakikiusap na tatanggap o magpapadala ng pera sa mga taong nasa ibang bansa. Maaaring ang mga ito ay miyembro ng mga grupong gumagawa ng mga labag sa batas ng Bahrain at Pilipinas, kagaya ng *Drug Trafficking, Human Trafficking (e.g. prostitution, slavery, child trafficking)* at *Money Laundering*.

Nakatanggap ang ating Embahada ng mga ulat tungkol sa mga ganitong gawain at may mga kababayan tayong naging biktima. Ayon sa isang biktimang babae, may nakipagkilala sa kanya sa Facebook na isang lalaki na nagpanggap na isang kawani ng militar ng ibang bansa. Ang lalaking ito ay naka destino raw sa Afghanistan at lilipat sa Bahrain. Ayun sa ulat, sila ay hindi lang naging magkaibigan kundi nagkaroon ng relasyon *online*. Ang lalaking ito ay nakiusap sa ating kababayan na tumanggap ng perang padala ng isang taong taga ibang bansa rin. Nakiusap rin sya na ipadala sa isang taong nasa isang bansa sa Africa ang perang kanyang tatanggapin. Sa loob ng anim na buwan, ang ating kababayan ay naging paraan upang maisagawa ang mga kaduda-dudang transaksyon.

Kung kayo ay may nalalaman na mga gawain o aktibidad na katulad nito, maaari pong ipagbigay alam ninyo ito agad sa ating Embahada.

Maraming salamat.

ALFONSO A. VER
Ambassador


Villa No. 939, Road No. 3220, Block 332, Mahooz, Manama, Kingdom of Bahrain
Tel No. (+973) 17721234 / Fax: (+973) 17720827
www.manamape.dfa.gov.ph